KIMIS SA KATITIKAN NG KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NGAYONG IKA 27 NG SETYEMBRE 2006.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Hilario D. Indiana | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Allan A. Gamilla | Kagawad |
| | Kgg. Edmond E. Arive | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Vivencio V. Mantile | Kagawad |
| | Kgg. Antonina G. Camania | Kagawad |
| | Kgg. Amado M. Villa | Kagawad |
| DI DUMALO: | | |
| | Kgg. Baltazar D. Marin | Kagawad |
| | Kgg. Pedro P. Alivia | Kagawad |
| | Kgg. Nonilon G. Tangalin | Kagawad-Liga Pres. |
| | Kgg. Michael A. Pesa | Kagawad – SK Pres. |

**KAPASYAHAN BLG. 113 –s-2006**

ISANG KAPASYAHAN/KAUTUSANG PINAGBABAWAL ANG: PAGMAMANEHO NG PAMPASAHERONG TRICYCLE, JEEPNEY AT BUS NG NAKA"SANDO AT SHORT"; DRIVING UNDER THE INFLUENCE OF DRUGS AND LIQUOR; BLOWING OF HORN INFRONT OF CHURCHES, SCHOOLS & HOSPITAL; RECKLESS DRIVING; OBSTRUCTION TO TRAFFIC; SPEED LIMIT 30KPH CURVA TO PETRON, HARAP NG PALENGKE, SIMBAHAN AT PAARALAN; AT MAINGAY NA TAMBUTSO NG MOTOR SA BAYAN NG BONGABON, LALAWIGAN NG NUEBA ESIHA.

Sa mungkahi ni Kagawad Vivencio V. Mantile na pinangalawahan naman ni Kagawad Edmond E. Arive na sinang ayunan ng lahat na Kagawad na dumalo, mangyari na;

IPINASIYA, gaya nang ngayon ay Ipinapasiya ng Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nueba Esiha ang Kapasyahan Blg.113 at Ordinansa Blg.81-s-2006 tulad ng sumusunod:

**ORDINANSA BLG.81-s-2006**

SEKSIYON I – ANG KAUTUSAN: Mahigpit na pinagbabawal ng Sangguniang Bayan ng Bongabon ang mga sumusunod:

a) Pagmamaneho ng naka"sando at short" sa mga pampublikong sasakyan

b) Driving under the influence of drugs/liquor

k) Blowing of horn infront of churches , schools & hospital

d) Reckless driving

e) Obstruction to traffic

g) Speed limit 30kph Curva to Petron, harap ng palengke, simbahan at paaralan

h) Maingay na tambutso ng motor.

SEKSIYON II- ANG MULTA:

a) Unang Paglabag:
=Multa ng Isang Daang (P100.00) Piso at isang (1) oras na seminar sa Bongabon Police Station

b) Pangalawang Paglabag:
=Multa ng Tatlong Daang (P300.00) Piso at isang (1) oras na seminar sa Bongabon Police Station.

k) Pangatlong Paglabag:
=Multa ng Limang Daang (P500.00) Piso at cancellation ng legalization

SEKSIYON III- ANG MGA TAGAPAGPATUPAD NG KAUTUSAN:

Ang awtoridad sa bayang ito na kinabibilangan ng Philippine National Police, na sumasakop sa bayang ito at Tanggapan ng Pambayang Ingat Yaman para sa pagbabayad sa multa..

PINAGTIBAY NG LAHAT:

Pingtibay ngayong ika 27 ng Setyembre 2006, dito sa bayan ng Bongabon, Lalawigan ng Nueba Esiha.

KGG. HILARIO D. INDIANA
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapangulo ng Pulong)

KGG. ALLAN A. GAMILLA
Kagawad

KGG. VIVENCIO V. MANTILE
Kagawad

KGG. EDMOND E. ARIVE
Kagawad

KGG. ANTONINA G. CAMANIA
Kagawad

KGG. HERNAN P. ANDRES
Kagawad

KGG. AMADO M. VILLA
Kagawad

KGG. AMELIA A. GAMILLA
Punong Bayan

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng Kapasyahan/Kautusang sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

CARMENCITA P. CARPIO
Kalihim ng Sangguniang Bayan